# TAMANG BAYBAY: BILANG PARTE NG WIKA SA LIPUNANG ATING GINAGALAWAN

*by:*
**Eli Rae V. Alipio**
*Teacher I, Pagalanggang National High School*

Ang pagsusuri na isinagawa ni G. Jonathan C. Malicsi "Adyenda ng Pananaliksik sa Estruktura ng Wika", ay naglalayong ipabatid ang estruktura ng bawat konsepto tungkol sa wika. Ang unang inilahad ay ang pagkakaroon ng "tamang baybay" na kadalasang nakalilimutan nang marami. Sinasabing pagdating sa linggwistiks walang itinuturing na "tama" at "mali", ito ay nakadepende pa rin sa paraan ng pagkaunawa ng tagapakinig o tumatanggap ng mensahe.

Ang pagkakaroon ng ilang mga partikular na problema sa ponolohiya ng Filipino ay ang paglalahad ng proseso ng asimilisasyon pagdating sa mga hiram na salita. Mula sa estruktura at layunin ng gramatika naipapaliwanag ang wika-- maraming pamamaraan ng pagkatuto at pagtuturo ng wika. Ngunit laging isaisip na may pagkakaiba sa pagtuturo ng linggwistika at pagtuturo ng wika pagdating sa layunin nito.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Pagdating sa suliranin sa gramatika ng Filipino ipinapakita ang iba't-ibang impormal na Filipino ay malaki ang kaibahan sa pormal na Filipino lalo sa paraang pasalita at pasulat. Sa patuloy na nagaganap na pagbabago mas lumalawak ang katananungang dapat bigyang kasagutan.

Masasabing ang wika ay mahalaga sa kultura sapagkat ito ay ating pagkakakilanlan bilang mamamayan ng isang bansa. Tunay na malaki ang gampanin ng isang wika, bilang isang tao at bilang isang Pilipino. Ang wika rin ay isang masistemang balangkas na kung saan dahil ang paggamit nito ay may kaakibat na kaayusang pasalita man o pasulat. Ang pagkakaroon ng isang maayos na estruktura ng wika ay tulong

upang maging maalam at matatas sa pagsasalita nito. Taglay ng isang mahusay na wika ang malalim na pagkakaunawa rito.

Bilang konklusyon, malaki ang parte ng wika sa lipunang ating ginagalawan. Ang wikang ating isinasalita ay ang ating pagkakakilanlan bilang isang Pilipino. Ang mas malalim na pag-aaral sa bawat tunog ng letra sa isang salita ay mahalaga, ang pagkakaroon ng maayos na pagkakabuo ng pangungusap, ang wastong pagbaybay sa bawat salita, ang kakayahang mag-analisa ng mga datos, at paggamit ng mga metodolohiya sa pagbuo ng isang paliwanag sa estruktura ng wika. Sinasabi na ang elaborated domain ng isang wika ay mahalaga sa kultura ng mga nagsasalita ng wika, ang pagkakaroon ng salita ay tanda ng kahalagahan ng konseptong isinasaad nito.

Tunay na ang pag-aaral ng estruktura ng wika ay makatutulong upang lubos na maunawaan ang wastong gamit ng wika at maging matatas sa paggamit nito. Walang "tama" at "mali" sa wika dahil ang tama ay nasa taong umuunawa, at ang mali ay hindi makikita kung bukas ang kaisipan sa patuloy na pagpapalawig ng kaalaman ukol dito.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa patuloy na pagbabago ng wika ay patuloy pa rin umuusbong ang iba't-ibang salik ng pag-aaral hinggil sa tamang pamantayan sa pagsunod sa "tamang pagbaybay".

*References:*

https://www.scribd.com/document/685875712/Filipinolohiya-Mga-Babasahin